

# GENDER EQUALITY AT ANG SUSTAINABLE DEVELOPMENT GOALS (SDG)

Hango sa ***Gender Equality and the Sustainable Development Goals in Asia and the Pacific: Baseline and Pathways for Transformative Change by 2030*** na inilathala ng ADB at UN Women © 2018

Ang 2030 Agenda for Sustainable Development ay layong magbigay-daan sa makabuluhang pagbabago at walang sino man ang mapag-iwanan ("leave no one behind").

Ang pagkapantay-pantay ng mga pangkasarian (gender equality) at pagbigay kakayahan sa kababaihan (women empowerment) ay bahagi at kailangan upang maisagawa ang bawat Sustainable Development Goal o SDG.

**Gender equality and women's empowerment as a stand-alone Goal 5 and cross-cutting priority across all the SDGs.**




## MGA DATOS TUNGKOL SA PANGKASARIAN

Ang mga babaeng empleyado ay tumatanggap ng mas mababang sahod kesa sa mga kalalakihan, lalong-lalo na sa mga bansang Azerbaijan, Pakistan at Democratic People's Republic of Korea. Samantala, sa Pilipinas, ang pagkakaiba sa buwanang sahod ay nasa pabor ng kababaihan. Subalit hindi kasama sa datos na ito ang mga taong nasa impormal na sektor.


DEPARTMENT OF AGRICULTURE
1898
DA-ATI BICOL


**AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE**
**Regional Training Center V (Bicol)**
Diversion Road, San Agustin, Pili, Camarines Sur
Telefax No. (054) 477-1579/884-5868

Translated and Produced by
INFORMATION SERVICES SECTION

ATI Bicol | @ati_bicol | @BicolAti | rtc5_dcc@ati.da.gov.ph

Mas mataas ang bilang ng mga kabataang babaeng may edad 15 pababa na nakatira sa slum o iskwateran, kung saan mahirap makakuha ng malinis na tubig, paliguan, matibay na bahay at maayos na tahanan. Sa Asia-Pacific Region, 50% ng kababaihang nakatira sa slum o iskwateran ay wala pang 15 taong gulang.








Ang bilang ng mga babaeng namatay sa panganganak (maternal mortality ratio) ay bumaba. Mula 178, ito ay naging 86 sa bawat 100, 000 na ipinanganak (live births) sa taong 2000-2015.

Ang kababaihan ay may mas limitadong nakukuhang pinansyal na serbisyo. Sa Asia-Pacific Region, 61.3% lamang ng kababaihan na may gulang na 15 o higit pa ang rehistrado sa institusyong nagbibigay tulong pinansyal noong taong 2014, kumpara sa at 65.4% ng kalalakihan.

Sa Pilipinas, mas kaunti ang kababaihang nagmamay-ari ng lupain.

Ang Asia-Pacific Region ay may pinakamataas na bilang ng mga kabataang ikinasal (child marriage) sa buong mundo. Samantala, isa sa tatlong babae sa South at Southwest Asia ay may-asawa pagdating ng edad na 18. Gayundin, 8.5% ng kababaihan na may edad 20-24 ay may asawa na pagdating ng edad na 15.




## DAAN TUNGO SA GANAP NA PAGBABAGO (*TRANSFORMATIVE CHANGE*)

- Alisin ang diskriminasyong nakabatay sa batas at kinasanayan
- Palakasin ang paglikom, pag-analisa, at paggamit ng datos hinggil sa pangkasarian
- Pagkaroon ng mga institusyon na gender-responsive at gender-equal
- Tiyaking bahagi ang kababaihan sa pamumuno at partisipasyon
- Palakasin ang pagbigay ng pinansyal na suporta sa layunin

## APAT NA ASPETONG NANGANGAILANGAN NG PAGBABAGO SA POLISIYA (*TRANSFORMATIVE POLICY AREAS*)


Kalusugang pang-sekswal at reproduksyon


Pagtigil sa karahasan laban sa kababaihan


Tamang pagtalaga ng gawaing bahay


Pagbigay-kakayahan sa kababaihan upang maging matibay sa pagharap sa nagbabagong klima (climate/disaster-resilient)

## SDG #5: GENDER EQUALITY AT PALAKASIN ANG KAKAYAHAN NG KABABAIHAN


**5.1** Tapusin ang anumang uri ng diskriminasyon laban sa kababaihan.


**5.2** Tapusin ang anumang uri ng karahasan laban sa kababaihan, kabilang ang human trafficking, sekswal at iba pang uri ng eksploytasyon.


**5.3** Tapusin ang anumang tradisyon o gawaing nakakasama, tulad ng sapilitang pagpapakasal at pagpinsala sa ari ng babae.


**5.4** Pagkilala at pagpapahalaga sa serbisyong walang karampatang bayad tulad halimbawa ng mga gawaing bahay, sa pamamagitan ng pampublikong probisyon, mga polisiya ukol sa imprasktraktura at proteksyon ng pamayanan, at paghikayat ng pagtutulungan sa responsibilidad at gawain sa loob ng bahay.


**5.5** Siguraduhin ang ganap at epektibong partisipasyon at oportunidad para sa mga kababaihan sa larangan ng pamumuno at pagbuo ng desisyong pampulitika, pang-ekonomiya, at pampublikong pamumuhay.


**5.6** Siguraduhing abot-kamay ang karapatan sa kalusugang pang-sekswal at reproduksyon, batay sa Program of Action ng International Conference on Population and Development at ng Beiing Platform for Action.


## PAANO ANG PAGSAGAWA



**5.a** Ipatupad ang mga reporma upang mabigyan ang kababaihan ng pantay na karapatan sa mga pang-ekonomiyang yaman, karapatan sa pagmamay-ari ng lupain at iba pang ari-arian, gayundin ang karapatan sa serbisyong pinansyal, mana, at likas na yaman ayon sa pinahihintulutan ng batas.


**5.b** Palawigin ang paggamit ng teknolohiya, kabilang ang information and communications technology (ICT), upang mapalakas ang kakayahan ng kababaihan.


**5.c** Patibayin at palakasin ang mga polisiya at batas na nagpapatupad ng pagkapantay-pantay ng mga pangkasarian (gender equality) at pagbigay-kakayahan sa kababaihan (women empowerment).

Mas mataas ang bilang ng mga kabataang babaeng may edad 15 pababa na nakatira sa slum o iskwateran, kung saan mahirap makakuha ng malinis na tubig, paliguan, matibay na bahay at maayos na tahanan. Sa Asia-Pacific Region, 50% ng kababaihang nakatira sa slum o iskwateran ay wala pang 15 taong gulang.








Ang bilang ng mga babaeng namatay sa panganganak (maternal mortality ratio) ay bumaba. Mula 178, ito ay naging 86 sa bawat 100, 000 na ipinanganak (live births) sa taong 2000-2015.

Ang kababaihan ay may mas limitadong nakukuhang pinansyal na serbisyo. Sa Asia-Pacific Region, 61.3% lamang ng kababaihan na may gulang na 15 o higit pa ang rehistrado sa institusyong nagbibigay tulong pinansyal noong taong 2014, kumpara sa at 65.4% ng kalalakihan.

Sa Pilipinas, mas kaunti ang kababaihang nagmamay-ari ng lupain.

Ang Asia-Pacific Region ay may pinakamataas na bilang ng mga kabataang ikinasal (child marriage) sa buong mundo. Samantala, isa sa tatlong babae sa South at Southwest Asia ay may-asawa pagdating ng edad na 18. Gayundin, 8.5% ng kababaihan na may edad 20-24 ay may asawa na pagdating ng edad na 15.




## DAAN TUNGO SA GANAP NA PAGBABAGO (*TRANSFORMATIVE CHANGE*)

- Alisin ang diskriminasyong nakabatay sa batas at kinasanayan
- Palakasin ang paglikom, pag-analisa, at paggamit ng datos hinggil sa pangkasarian
- Pagkaroon ng mga institusyon na gender-responsive at gender-equal
- Tiyaking bahagi ang kababaihan sa pamumuno at partisipasyon
- Palakasin ang pagbigay ng pinansyal na suporta sa layunin

## APAT NA ASPETONG NANGANGAILANGAN NG PAGBABAGO SA POLISIYA (*TRANSFORMATIVE POLICY AREAS*)


Kalusugang pang-sekswal at reproduksyon


Pagtigil sa karahasan laban sa kababaihan


Tamang pagtalaga ng gawaing bahay


Pagbigay-kakayahan sa kababaihan upang maging matibay sa pagharap sa nagbabagong klima (climate/disaster-resilient)

## SDG #5: GENDER EQUALITY AT PALAKASIN ANG KAKAYAHAN NG KABABAIHAN


**5.1** Tapusin ang anumang uri ng diskriminasyon laban sa kababaihan.


**5.2** Tapusin ang anumang uri ng karahasan laban sa kababaihan, kabilang ang human trafficking, sekswal at iba pang uri ng eksploytasyon.


**5.3** Tapusin ang anumang tradisyon o gawaing nakakasama, tulad ng sapilitang pagpapakasal at pagpinsala sa ari ng babae.


**5.4** Pagkilala at pagpapahalaga sa serbisyong walang karampatang bayad tulad halimbawa ng mga gawaing bahay, sa pamamagitan ng pampublikong probisyon, mga polisiya ukol sa imprasktraktura at proteksyon ng pamayanan, at paghikayat ng pagtutulungan sa responsibilidad at gawain sa loob ng bahay.


**5.5** Siguraduhin ang ganap at epektibong partisipasyon at oportunidad para sa mga kababaihan sa larangan ng pamumuno at pagbuo ng desisyong pampulitika, pang-ekonomiya, at pampublikong pamumuhay.


**5.6** Siguraduhing abot-kamay ang karapatan sa kalusugang pang-sekswal at reproduksyon, batay sa Program of Action ng International Conference on Population and Development at ng Beiing Platform for Action.

## PAANO ANG PAGSAGAWA


**5.a** Ipatupad ang mga reporma upang mabigyan ang kababaihan ng pantay na karapatan sa mga pang-ekonomiyang yaman, karapatan sa pagmamay-ari ng lupain at iba pang ari-arian, gayundin ang karapatan sa serbisyong pinansyal, mana, at likas na yaman ayon sa pinahihintulutan ng batas.


**5.b** Palawigin ang paggamit ng teknolohiya, kabilang ang information and communications technology (ICT), upang mapalakas ang kakayahan ng kababaihan.


**5.c** Patibayin at palakasin ang mga polisiya at batas na nagpapatupad ng pagkapantay-pantay ng mga pangkasarian (gender equality) at pagbigay-kakayahan sa kababaihan (women empowerment).